

Leaf Color Chart (LCC)

- ◇ Ang LCC ay mura at magaan na instrumento para masukat ang antas ng pagkaberde ng kulay ng dahon, na may kaugnayan sa taglay nitroheno.
- ◇ Ito ay isang *plastic* na *ruler* na magaang dalhin at may apat na antas ng pagkaberde na inihahambing sa kulay ng dahon ng palay sa bukid.



Ang LCC ay isang mabisang gabay upang matukoy ang kailangang nitroheno ng tanim na palay.

Paano Gamitin

1 Pumili ng sampung malulusog na halaman mula sa bahagi ng bukid na magkakasintaas ang palay. Gawin ito sa ika-14 araw matapos maglipat-tanim o ika-21 araw matapos magsabog-tanim.

2 Ihambing sa kulay ng LCC ang pinakamataas, malusog, at buwang dahon ng mga napiling halaman. Ilagay ang gitnang bahagi ng dahon sa ibabaw ng LCC nang hindi tinatangal ang dahon mula sa halaman at piliin ang numero ng pinakamalapit na kulay. Dapat matakpan mula sa sinag ng araw ang LCC habang nagsusukat dahil naiiba ang kulay nito kapag nasisikatan ng araw. Dapat din na isang tao lang ang gumawa simula sa una hanggang huling paghahambing ng dahon sa LCC. Gawin ang susunod na paghahambing pagkatapos ng isang linggo sa parehong oras (8-10AM). Subalit, maaaring ibang sampung dahon ang sukatin kada linggo.

3 Kung mula sa sampung halamang napili ay may anim o higit pa ang may basa ng LCC na mas mababa pa sa kritikal na numero na 4 para sa lipat-tanim at 3 para sa sabog-tanim, maglagay na ng 1.5 sako o 75 kilo ng urea (46-0-0) o 3.5 sako o 175 kilo ng ammonium sulfate (21-0-0-24S) kada ektarya kung tag-araw kapag kulang ng sulfur ang lupa. Kung tag-ulan naman, maglagay ng 1 sako o 50 kilo ng urea o 2 sako o 100 kilo ng ammonium sulfate kada ektarya kapag kulang ng sulfur ang lupa.

4 Ulitin ang paghahambing ng dahon sa LCC kada 7 araw hanggang sa unang pamumulaklak.

Mga Benepisyo

- ◇ Mura, madaling gamitin, at magaan dalhin.
- ◇ Mapapataas ang ani dahil malalaman ang tamang panahon ng paglalagay ng nitrohenong pataba.
- ◇ Makatitipid ng hanggang P2,000 dahil malalaman ang tamang dami ng kailangang nitrohenong pataba.
- ◇ Makakalikasan dahil hindi masosobrahan sa nitrohenong pataba ang lupa.

Tandaan

Kung nagsabog ng pataba na 14-14-14- 12S na may sulfur sa loob ng 14 araw pagkalipat-tanim, gawin ang unang paghahambing ng dahon sa LCC sa ika-21 araw matapos maglipat-tanim o ika-28 araw matapos magsabog-tanim.

Kung ang unang pataba ay 14-14-14-12S na may sulfur, gumamit ng urea sa halip na ammonium sulfate (21-0-0-24S) kapag nangailangan ang halaman ng nitroheno ayon sa basa ng LCC.

